

**Presidential Communications Operations Office
NEWS AND INFORMATION BUREAU**

**INTERVIEW WITH PRESIDENTIAL SPOKESPERSON HARRY ROQUE
BY ERWIN TULFO (PTV 4 – TUTOK ERWIN TULFO)
November 04, 2020 (10:54 A.M. - 10:57 A.M.)**

SEC. ROQUE: Magandang umaga, Pareng Erwin. Magandang umaga Pilipinas!

TULFO: All right. Two points lang po, sir. Iyong una, iyong sinabi po ng Pangulo sa press briefing noong isang araw, “Marami pang opisyal na sabit sa korapsiyon ang kaniyang sisibakin, ang kaniyang kakasuhan,” is it starting now, sir, o sa December pa ho mag-uumpisa ito?

SEC. ROQUE: Well, nagsimula na nga po kaya binasa na po ni Presidente iyong napakadaming pangalan na nasuspende na po ng tanggapan ng Ombudsman. Ito po ay panimula pa lamang dahil ang talagang pangako ni Presidente, tututukan niya sa natitira niyang termino na dalawang taon, sisibakin lahat ng corrupt diyan sa ating gobyerno.

TULFO: Second point, sir. Elections po sa US, sabi po ng ilang political analyst mas maganda kung si Trump ang manalo dahil kaibigan na ni Pangulong Duterte, nag-uusap na sila. If si Biden kasi baka malagay sa alanganin ang relasyon pa lalo dahil democrat, kasama ni Obama ho ito. Kayo ho, ano ho reaksiyon ninyo rito, Secretary?

SEC. ROQUE: Alam ninyo po, sa Amerika kahit sinong Presidente eh hindi po nagbabago ang kanilang foreign policy.

TULFO: Opo.

SEC. ROQUE: Dapat ganiyan naman po dapat, kampi tayo sa Pilipinas, ganiyan tayo. Alam natin kung anong dapat na pang-national na interest natin at hindi dapat magbabago iyan kapag nagkaroon ng pagbabago ng magiging Presidente.

Naniniwala po ako na patuloy ang ating mainit na samahan sa mga Amerikano, bagama't aaminin po natin na siyempre mayroong personal na pagkakaibigan si Presidente Duterte at si Presidente Trump. Eh, ganoon pa man tingin ko naman eh give it time, eh magkakaroon din ng ganiyang pagkakaibigan kung si Biden man ang magiging Presidente.

Pero siyempre hindi natin sinasabi na si Biden magiging Presidente, ang sinasabi lang natin, kung sakali manalo si Biden eh bigyan lang ng oras at pagkakataon at sigurado po ako magkakaroon din ng malapit na pagkakaibigan na personal sa panig ni Presidente Duterte at ni Biden, kung siya man ang magwawagi.

TULFO: Pero kahit sinong manalo sa kanila, sir, tatawag ba ang Pangulo dahil ally po natin ang Amerika – kay Biden, kay Trump – tatawag ang Pangulo para i-congratulate kung sino po ang mananalo, Secretary?

SEC. ROQUE: Siyempre po ano dahil tayo lang naman ang bansa sa mundong ito na kapareho halos ang Saligang Batas dahil iyan ang namana natin sa mga Amerikano at hindi natin mabubura iyan ganiyang klaseng samahan.

TULFO: All right. Secretary Harry Roque, sir, maraming salamat! Stay healthy, please.

###

--

News and Information Bureau-Data Processing Center